
# Multi-Services Caravan ni Gob. Egay sumugod sa malalayong barangay


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**


EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5




*Nagbibigay ng mensahe si Gob. Egay Tallado sa mga mamamayan ng Brgy. Tabugon, Sta. Elena kaugnay ng mga programa ng pamahalaang panlalawigan.*



*Ipinaabot ni Atty. Sim Mata, Provincial Legal Officer at Caravan Project Director sa mga opisyal ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo ang mensahe ni Gob. Egay Tallado.*



*Si Gob. Egay Tallado habang isinusuot ang reading glass sa isang residente ng Brgy. Sabang, Vinzons.*

Patuloy na sinisikap ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na makatupad sa kanyang ipinangako na mahusay na paglilingkod sa lahat ng mamamayan ng Camarines Norte.

Dahil dito, ang Aprub Ka Egay *Provincial Multi-Services Caravan* ay isinagawa ng kanyang grupo sa buwan ng Agosto sa magkakalayong bayan ng lalawigan ng Camarines Norte. Ang *caravan* ay dinala sa Brgy. Tabugon, Sta. Elena noong Agosto 5 ang pinakadulong bahagi ng lalawigan sa hilaga. Sa kabila nito, noong Agosto 12 ay tinungo naman nila Gob. Tallado ang *coastal barangay* ng Pambuhan ng bayan ng Mercedes na isa ring malayo ang distansya mula sa Kapitolyo Probinsyal.

Halos walang kapaguran sa paglilingkod sa publiko ang butihing gobernador na idinaos din ang *caravan* sa Brgy. Sabang, Vinzons noong Agosto 19, 2011. Ang *coastal barangay* na ito ay pinamumunuan ni Punong Barangay Jose T. Segundo na dating naluklok bilang punong bayan ng Vinzons, at nanungkulan ding bokal ng Sangguniang Panlalawigan.

Ang Brgy. Tulay na Lupa sa bayan ng Labo naman ang pinakamalapit na lugar na narating ng *caravan* ngayong buwan na ginanap noong Agosto 26.

Ang mga naging benepisyaryo ng *caravan* sa magkakahiwalay na petsa ay ang mga residente mula sa mga sumusunod na barangay: Brgy. Tabugon, Sta. Elena - Don Tomas, Guitol, Kabuluan, Kagtalaba, Maulawin, Patag Ibaba, Patag Ilaya at Plaridel; Brgy. Pambuhan, Mercedes – Colasi, Hamoraon, Hinipaan, Lalawigan, Lanot, Masalongsalong, Matoogtoog, at Tarum; Brgy. Sabang, Vinzons – Aguit-it, Cagbalogo, Manlucugan, Matango at Sula, at;

(Sundan sa pahina 4)

# Gob. Tallado pinangunahan ang pagbubukas ng PV Looban Rd., Calangcawan Sur, Vinzons








*Si Gob. Edgardo A. Tallado habang nagbibigay ng mensahe pagkatapos na pangunahan niya ang seremonya sa paggupit ng laso para sa pagpapasinaya ng bagong gawang PV Looban Road, Calangcawan Sur, Vinzons. Nakasama ng gobernador sa seremonya si PB Edwin Pajarillo, Vinzons Vice Mayor Augorio Guinto, Vinzons ABC President Jose 'Buding' Segundo (ika-4, ika-3 at ika-2 mula sa kaliwa) at ibang opisyal ng naturang barangay gayundin ang ilang konsehal ng Sangguniang Bayan ng Vinzons.*

Si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naging panauhing pandangal sa *ribbon cutting ceremony* na nagsilbing hudyat sa pagbubukas sa publiko ng bagong gawang PV Looban Road sa Brgy. Calangcawan Sur, Vinzons. Nakatuwang ng gobernador sa paggupit ng laso sina Punong Brgy. Edwin Pajarillo at iba pang opisyal doon. Nakiisa rin sa okasyon si *Municipal ABC President* Jose T. Segundo.

Pinangasiwaan ng *Provincial Engineer's Office (PEO)* ang pagkongkreto ng kalsada na pinunduhan ng pamahalaang panlalawigan sa administrasyon ni Gob. Tallado.

Sinabi ng ilang residente roon na ilampung taon silang nagtiis sa mabato at baku-bakong kalsada na maalikabok kapag tag-init at madulas at maputik kung tag-ulan.

Kaya naman lubos ang kanilang pasasalamat kay Gob. Tallado na agad na umaksyon sa kanilang kahilingan na magkaroon ng kongkretong kalsada. Malaking tulong umano ito sa kanila sapagkat ngayon ay mas mabilis nilang naibibyahe at naibebenta ang kanilang mga ani at produkto. Labis na ginhawa rin umano ang hatid nito sa kabataang mag-aaral sapagkat maayos at patag na ang kalsadang dinaraanan nila ngayon. *LT IBASCO*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Kaso ng dengue sa CNorte bumaba ngayong 2011; publiko hinimok na mag-ingat pa rin para makaiwas sa nakamamatay na sakit

Ang Camarines Norte ay nakapagtala ng siyam (9) na pinaghihinalaang kaso ng dengue simula Enero hanggang Agosto batay sa *Dengue Surveillance Report* ngayong taon ayon kay *Provincial Health Officer Dr.* Arnulfo G. Salagoste, *MD, MSPH* ng *Provincial Health Office (PHO).*

Lubhang napakababa nito kumpara sa 410 pinaghinalaang kaso ng dengue noong 2010. Ngunit sa kabila nito, hindi umano dapat magkuntento na lamang ang publiko kundi patuloy na mag-ingat para makaiwas sa nakamamatay na sakit. Hinikayat din ni Dr. Salagoste ang lahat na patuloy na maging mapagbantay at panatilihin ang kalinisan ng paligid para hindi makapagparami ang lamok na *Aedes Aegypti* na may dala ng dengue.

Sa naturang bilang ng *dengue cases*, tig-3 kaso ang naitala sa mga bayan ng Daet at Mercedes, at tig-iisang kaso mula sa Jose Panganiban, Labo at Paracale. Ito ay base sa panayam kamakailan kay Ms. Marilou M. Coreses, *Nurse III* ng *Provincial Health Office (PHO)* na tumatayong *mosquito-borne diseases coordinator.*

Sinabi ni Ms. Coreses na masu+werte ang Camarines Norte sapagkat lubhang napakababa ng bilang ng nagkadengue ngayong taon. Matatandaan na sa 410 *dengue cases* sa buong taon ng 2010, pinakamarami ang kaso nito sa buwan ng Agosto na umabot sa 211. Hanggang sa kasalukuyan umano, wala pang naitatalang kaso ng *malaria* at *filariasis* sa labindalawang (12) bayan dito.

Ayon kay Ms. Coreses, nakatulong ang kanilang mas pinaigting at tuluy-tuloy na buong taon o *year round* na kampanya sa mga barangay sa pakikipagtulungan ng mga *rural health units (RHUs).* Patuloy rin nilang sinusuportahan at pinaiigting ang pambansang kampanya na 4S Kontra Dengue na: *Search and destroy mosquito breeding site; Self-protection measures; Seek early treatment,* at *Say "NO" to indiscriminate fogging***.**

Kaugnay nito, patuloy na hinihingi ng pamunuan ng *PHO* at ng mga *RHUs* ang aktibong kooperasyon ng publiko para hindi na madagdagan ang 9 na hinihinalang kaso ng *dengue* sa ating lalawigan ngayong 2011. Pinayuhan nila ang lahat na linisin ang mga pinamumugaran ng mga lamok gaya ng mga plorera, lababo, lumang gulong, alulod ng bubong, lumang lata, atbp. Makaiiwas din tayo sa nakamamatay na sakit sa pamamagitan ng paggamit ng kulambo sa pagtulog, paghahaplas sa mga braso at binti ng *insect repellent lotion,* pagsusuot ng *long-sleeve shirts* at paglalagay ng *window screens* sa bahay.

Dapat din tayong maging mapagbantay sa mga pangunahing sintomas ng *dengue* tulad ng mataas na lagnat, sobrang pananakit ng ulo, pagsakit ng likod at kasu-kasuan, pagkahilo at pagsusuka, pananakit ng mata, at *rashes.* Agad na kumunsulta sa doktor, kapag dalawang araw nang nilalagnat. Kailangang iwaksi ang *indiscriminate fogging* sapagkat hindi nito napapatay kundi itinataboy lamang sa ibang lugar ang mga babaeng lamok na *Aedes* na may dalang *dengue virus (infected female Aedes mosquito).*

Idinagdag ni Ms. Coreses na 2,000 piraso ng *Ovi-Larvi (OL)Trap* ang ipinadala kamakailan ng *Department of Science and Technology (DOST)* na ipamamahagi sa mga bayan ng Daet, Labo at Sta. Elena. Ito ay maliban pa sa tig-400 *OL Traps* na una nang ibinigay sa tatlong (3) nabanggit na mga bayan.

Matatandaan na sa unang tig-400 *OL Traps* na ipinamigay sa Daet, Labo at Sta. Elena, 100 sambahayan lamang ang nabigyan ng tig-aapat na *OL Traps.* Ito ay sa kadahilanang 2 *OL traps* ang kailangan nilang ilagay sa loob ng bahay at 2 sa labas ng bahay. Ang *OL Trap* ay isang murang kagamitan na umaakit sa mga lamok para mangitlog sa solusyon/likidong -kemikal na sa bandang huli ay papatay sa kanilang mga itlog kaya hindi na dadami ang mga lamok na may dalang *dengue virus.*

Kaugnay nito, hiningi ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang partisipasyon ng mga mamamayan sa *4S Kontra Dengue* sapagkat una sa lahat, responsibilidad ng bawat isa na pangalagaan ang kanilang kalusugan at kaligtasan; at hindi ng mga kinauukulang sangay ng pamahalaan lamang. ***LT IBASCO***

# Pabahay, linya ng tubig at kuryente pinunduhan ng UNDP bilang suporta sa mga benepisyaryo ng 4Ps

Umabot sa kabuuang halaga na P10,879,183.00 ang ipinalabas na pondo ng *United Nations Development Programme (UNDP)* para matulungan ang pinakamahihirap na pamilya dito sa Camarines Norte na benepisyaryo ng *Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) na tumatanggap ng conditional cash grants* mula sa *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* para maiangat ang kanilang aspektong pangkalusugan, pang-nutrisyon at edukasyon partikular na ang mga kabataang may edad 0-14 taon at mga nagdadalantaong ina.

Samantala, sa P10.88-milyon, P7,975,000.00 ang nakalaan para sa *core shelter assistance project (CSAP)* sa mga bayan ng Labo at San Vicente, at P2,904,183.00 naman para sa linya ng tubig at ilaw sa mga kasalukuyang *(existing) CSAP.*

Sa halagang P145,000.00/yunit ng bahay, 40 yunit ang ipatatayo sa Labo na aabot sa P5,800,000.00, at 15 yunit para sa San Vicente na nagkakahalaga ng P2,175,000.00. Ang libreng pabahay ay para sa mga kwalipikadong pamilyang benepisyaryo ng *4Ps* na una nang napili alinsunod sa pamantayang ipinatutupad ng *UNDP.*

Sa malapit na hinaharap, magkakaroon na rin ng linya ng tubig at kuryente para sa mga kasalukuyang benepisyaryo ng *CSAP* sa mga bayan ng Basud, Capalonga, Labo, San Vicente at Vinzons. Nagkakahalaga ng P16,134.35/yunit kaya umabot sa P2,904,183.00 ang ginugol ng *UNDP* para sa 180 yunit na nahahati sa mga sumusunod: Brgy. Poblacion 1, Basud - 26 yunit, P19,493.10; Brgy. Ubang, Capalonga – 14 yunit, P225,880.90; Brgy. Calabagas, San Vicente – 33 yunit, P532,433.55, at Brgy. Mantabog, Vinzons – 10 yunit, P161,343.50. Kabilang dito ang 97 yunit para sa 4 na barangay ng Labo na kinabibilangan ng mga sumusunod: Bayabas – 6 yunit, P96,806.10; Guisican - 22 yunit, P354,955.70; pangpang – 25 yunit, P403,358.75, at San Antonio - 44 yunit, P709,911.40.

Maliban dito, pinunduhan din ng *UNDP* ang pagpapatayo ng isang *(1) multi-purpose building* sa Brgy. Calabagas, San Vicente na umaabot sa P500,000.00. Inorganisa rin nito ang isang *Self-Employment Assistance-Kaunlaran (SEA-K Organization)* sa Brgy. San Felipe, Basud na may 20 miyembro, at naglaan ng P156,000.00 kung saan 20 pamilya ang benepisyaryo.

Bilang karagdagan, ang *UNDP* na nagsisilbing *global development network* ng *United Nations (UN)* ang siyang nagsusulong ng pagbabago at nag-uugnay-ugnay sa mga miyembrong bansa sa pagpapalaganap ng mga kaalaman, karanasan at yaman para makatulong sa pagbuo ng mas maayos na buhay ng kapwa-tao. Ito ay may tanggapan sa 172 na mga bansa at nakikipagtulungan sa kanila sa pagpapatupad ng kanilang sariling solusyon sa pagtugon sa mga pandaigdigan at pambansang mga paghamon.

Sa Pilipinas, itinataguyod ng UNDP ang mga inisyatibong pangkapayapaan at pangkaunlaran. Sa pakikipagtulungan sa mga lokal at pangunahing tanggapan ng pamahalaan gayundin sa pamayanan, at pagbuo ng *global best practices*, pinalalakas ng *UNDP* ang kakayahan ng mga kababaihan, kalalakehan at mga institusyon para makatulong sila sa pag-abot sa *Millennium Development Goals (MDG)* at ang layunin ng *Philippine Mid-Term Development Plan (PMDP).*

Sa pamamagitan ng mga adbokasiya at proyektong pangkaunlaran na may espesyal na atensyon sa mga pinakamahihinang grupo *(vulnerable groups)*, patuloy na kumikilos ang *UNDP* para magkaroon nang mas maayos na buhay ang mga mamamayang Pilipino.

Isinasakatuparan ito ng *UNDP* sa pamamagitan ng implementasyon ng mga programang makatutulong para mabawasan ang insidente ng kahirapan; pagsusulong ng demokratikong pamamahala; paghikayat sa *environmental sustainability*, pagtugon sa mga problemang kakibat ng *climate change* o biglaang pagbabagubago ng lagay ng panahon, at pagsusulong ng kapayapaan at pag-iwas sa mga hindi pagkakaunawaan. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# WEOs nagpulong, responsibilidad nila sa pangangalaga sa kalikasan binigyang-linaw

Nagdaos ng isang pulong ang pamunuan ng *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* na siyang nangangalaga sa Abasig-Matogdon-Mananap *Natural Biotic Area (AMMNBA)*. Ito ay ginanap noong Agosto 22, 2011 sa *Audio Visual Room, 3rd floor annex* ng Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Dinaluhan ito ng mga kinauukulang kinatawan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Camarines Norte Water District (CNWD), Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (GO-EERMD)* gayundin ni G. Jose G. Boma, *Executive Assistant IV* ng Tanggapan ng Gobernador.

Ang pulong ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin, at sinundan ng pag-awit ng Lupang Hinirang (pambansang awit) na ibinigay ni G. Ceasar Maquiñana, isang *WEO* sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo, Camarines Norte.

Matapos magbigay ng ulat ng mga nagawa ang bawat *team leader* ng tatlong (3) grupo na nasa mga bayan ng Labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente kung saan matatagpuan ang *AMMNBA*, nagbigay ng kanyang mensahe si G. Boma.

Ayon kay *Exec. Asst. IV* Boma, ito ang unang pagkakataon na nakaharap at nakausap niya ang mga *WEOs*. Sinabi niya na di lang pagbabantay sa *AMMNBA* ang tungkulin ng mga *WEOs* kundi pati na ang pagtulong sa pagpapaunlad ng nasabing *watershed area*. Kailangan aniyang magkaroon sila ng isang lugar sa *AMMNBA* na pagtataniman nila ng mga punungkahoy na sila mismo ang mangangalaga.

Sinabi naman ni G. Deo Santos ng *CNWD* na plano ng kanilang tanggapan na magtalaga ng labinlimang (15) tauhan upang tumulong sa pangangalaga sa *AMMNBA*. Idinagdag nito na kasama sa plano nila ang pagtatanim ng mga punongkahoy sa nasabing *watershed area* na may lawak na 24 ektarya na nasa Brgy. Maisog sa bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Ipinabatid naman ni G. Ruben Naperi ng lokal na tanggapan ng *DENR* na sakaling makakita ang mga *WEOs* ng nagkakaingin sa loob ng *AMMBBA*, dapat na alamin agad nila ang lawak ng kagubatan na nasira lalo na ang pangalan at tirahan ng may kagagawan. Kailangang iulat agad nila ito sa tanggapan ng *DENR* para sa kaukulang aksyon ng naturang pambansang ahensya ng pamaalaan.

Bilang tugon sa tanong ng *WEOs* kung ano ang matatangap nilang pabuya kapag may nakukumpiska silang kahoy na iligal na pinutol, ipinaliwanag ni G. Christopher Obra ng *GO-EERMD* na wala silang makukuhang insentibo. Taliwas ito sa impormasyong nakaabot sa kanila na makatatanggap sila ng pabuya mula sa ahensyang pinaglalagakan ng mga nakumpiskang kahoy.

Pagkatapos ng pulong, ang mga *WEOs* ay pinagkalooban ng Pamahalaang Panlalawigan ng mga kagamitan sa pagpapatrolya sa *AMMNBA* kagaya ng kapote, bota, *flashlight*, atb.. Ito ay sa pamamagitan ng *GO-EERMD* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola na patuloy na hinihingi ang aktibong suporta at kooperasyon ng mga *WEOs* at lahat ng mga mamamayan para maisulong ang mga programang pangkalikasan ng pamahalaang panlalawigan. ***(GCB)***




Isinagawa sa iba't-ibang panig ng Lalawigan ng Camarines Norte ang mga angkop na aktibidad bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng bansa sa Buwan ng Nutrisyon ngayong taon simula Hulyo 1-31 na may temang: "Isulong ang *BREASTFEEDING-**T**ama, **S**apat at **EK**sklusibo*". Itinaguyod ito ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Health Office Technical Division (PHO TD)* na siyang kumilos para makuha ang suporta ng mga pampamahalaang tanggapan at pribadong mga organisasyon at samahan.

Ayon kay *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes M. Juan ng *PHO TD*, ang *BREASTFEEDING* TSEK o TSEK ay nangangahulugan na:

"**T**ama" sa pamamagitan ng agarang *skin-to-skin contact* sa pagitan ng nanay at beybi pagkapanganak, at pagpasimula ng pagpapasuso sa loob ng unang oras ng buhay ng sanggol.

"**S**apat" sa pamamagitan ng paghimok at pagtiyak sa mga nanay na ang konting gatas nila ay sapat na para sa unang linggo. Ang madalas na pagpapasuso ay nakatutulong para sa tuluy-tuloy na produksyon ng gatas ng ina para matugunan ang paparaming pangangailangan ng beybi.

"**EK**sklusibo" sa pamamagitan ng pagbibigay ng tanging gatas ng ina, at walang anumang likido hanggang sa ikaanim na buwan ng sanggol. Ang gatas ng ina ay nagtataglay ng lahat ng iba pang sustansya na kailangan ng beybi sa kaniyang unang 6 na buwan. Kasunod nito, kailangang bigyan ng karagdagang pagkain ang mga beybi kasabay ng pagpapasuso sa kanila hanggang sa pagsapit sa edad na dalawang (2) taon o higit pa kung nanaisin.

Samantala, ang pangunahing mensahe ng tema ngayong taon ay nakatuon sa paghikayat sa lahat ng sektor ng pamayanan na tumulong sa promosyon, pangangalaga at pagsuporta sa tamang gawi sa pagpapasuso.

Ang *BREASTFEEDING* TSEK ay sumusuporta rin sa pandaigdigang kampanya para sa eksklusibong pagpapasuso sa mga sanggol hanggang 6 na buwan, at pagpapatuloy nito hanggang dalawang (2) taon kasabay ng pagbibigay ng masusustansyang pagkain sa mga beybi.

Ayon naman sa *World Health Organization (WHO)*, ang lubos na pagpapasuso sa nga beybi ay makatutulong para mabawasan ng 13% ang may 10.6 milyong kabataang edad limang (5) taon at pababa na tinatayang namamatay taun-taon.

Ang ilan sa mga kahalagahan at benepisyong hatid ng eksklusibong pagpapasuso at maagang pagsisimula nito ay ang mga sumusunod:

1) Ang mga beybi na hindi pinasuso sa unang anim (6) na buwan ng kanilang buhay ay 25 beses na nanganganib na mamatay sa maagang edad kumpara sa mga eksklusibong pinasuso simula pagkasilang; 2) Ang tamang oras sa pagsisimula ng pagpapasuso ay importante dahil

*(Sundan sa pahina 7)*

# Produksyon ng organikong gulay/butong pantanim isinusulong; pagsasanay ukol dito isinagawa

Sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, isinusulong ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang pagtatanim ng organikong mga gulay at malawakang produksyon ng pantanim na mga butong gulay. Ito ay para matiyak na ang suplay ng gulay sa lalawigan ay ligtas mula sa nakalalasong mga pestisidyo at insektisidyo na posibleng hindi matanggal kahit hugasan na at maaaring magdala ng sakit sa sinuman.

Kaugnay nito, isinagawa ang *Training on Organic Vegetable and Seed Production* noong Agosto 25-26, 2011 sa Tintin *Apartelle* sa bayan ng Daet. Isinagawa ito ng *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA RFU5)* at *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pinamumunuan nina *Regional Executive Director* Jose V. Dayao at *Acting Provincial Agriculturist* Francia B. Pajares, ayon sa pagkasunod.

Ito ay dinaluhan ng humigit-kumulang na 30-katao na kinabibilangan ng ilang piling magsasaka, *municipal coordinators* at *agricultural technicians* na una nang inanyayahan. Naging tagapagsalita at tagapagtalakay rito ang mga kawani mula sa *DA RFU5* na sina *Regional Farmers Assn. Coordinator* Ligaya C. Tria at *Regional Vegetable Focal Person* Gloria B. Salazar, at si Arlene Dayo, *Municipal High Value Crops Devt. Project (MHVCDP) Coordinator* ng Goa, Cam. Sur.

Sinabi ni *Acting PA* Pajares na idinaos ang pagsasanay para mabigyan ng kaalaman at kasanayan ang mga kalahok ukol sa tamang paraan ng pagtatanim at pangangalaga sa mga organikong gulay. Kasama rin dito ang tamang proseso sa produksyon o pagpaparami ng mga organikong pantanim na butong gulay o pagbibinhi na gagamitin naman nila sa susunod na pagtatanim.

Nakapaloob din sa pagsasanay ang mga angkop na paghahanda at pamamaraan sa paggamit ng organikong mga pamuksa sa peste at sakit ng gulay. Itinuro rin dito ang mga proseso sa paggawa ng organikong mga pataba at kemikal na gagamitin nila sa kanilang mga pananim. Kasama rin dito ang sistema sa pag-iimbak ng mga butong pantanim at natural na paraan sa paggawa ng pataba o abono gamit ang mga *vermi worms*.

Ang paggamit ng mga organikong pananim at pataba ay isinusulong ng pamahalaang nasyonal upang maiwasan ang pagkasira ng kalikasan dahil sa mga nakalalasong kemikal mula sa mga komersyal na pestisidyo at insektisidyo na nakapagpapalala sa polusyon sa hangin, lupa at katubigan man na posibleng magdala ng sakit sa mga pananim, hayop at higit sa lahat sa mga tao.

Sa organikong sistema ng pagtatanim, hindi na bibili pa ng pataba ang mga magsasaka kaya makatitipid sila. At higit sa lahat, ang ani nila ay siguradong ligtas at walang panganib sa sinumang makakakain lalo na ang kanilang kapamilya. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## Buwan ng Wika

Nakiisa ang Camarines Norte sa pagdiriwang ng bansa sa Buwan ng Wikang Pambansa *(National Language Month)* na may temang:"*Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas"* alinsunod sa itinatakda ng Atas ng Pangulo ng Pilipinas, Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.

Kaugnay nito, ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-24 na nag-aatas sa lahat ng tanggapan, pampamahalaan at pribado, na gamitin ang Wikang Filipino sa lahat na opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa buong buwan ng Agosto. Isinagawa rin dito ang mga paligsahan gaya ng balagtasan, maikling pagkukuwento at madulang sabayang pagbigkas gamit ang Wikang Filipino.

Binigyang-diin sa tema ng selebrasyon ngayong taon na ang Wikang Filipino ay para sa lahat – mahirap o mayaman, may pinag-aralan o wala. Ito ang ilaw na tanglaw natin at lakas na nagtutulak sa atin para sama-samang piliin at tahakin ang tuwid na landas tungo sa pambansang pagbabago at kaunlaran.

Bilang *universal language*, ang wikang Ingles ang midyum ng komunikasyon sa ating mga paaralan at tanggapan, pampubliko at pribado man. Ito ay upang madali tayong makakuha ng trabaho at maging *globally competitive*, 'ika nga. Kasabay nito, kailangang pagyamanin at payabungin natin ang wikang Filipino.

Gawin nating huwaran ang ating pambansang bayaning si Gat Jose P. Rizal na pinahalagahan at minahal ang ating sariling wika. Dalubhasa siya sa iba't-ibang lengguwahe ngunit sinabi niya na: "*Ang hindi magmahal sa sariling wika ay higit pa sa hayop at malansang isda*".

Kumpara sa Pilipinas, ang mga bansang Hapon at Tsina na higit na maunlad ay patuloy na minamahal at tinatangkilik ang kani-kanilang sariling wika. Kongkretong patunay ito na ang paglinang at paggamit natin ng Wikang Filipino ay hindi magiging sagabal para makamit natin ang pambansang kaunlaran.

Kaya nakalulungkot isipin na ang pagiging bihasa sa wikang Inges ang ginagamit nating batayan sa pagsukat sa talino at kahusayan ng ating mga kapwa-Pilipino. Ngunit nakatutuwa na minamahal ni Pangulong Benigno 'P-noy' Cojuangco-Aquino ang ating sariling wika. Sa malalaking pambansang selebrasyon at gawain, Wikang Filipino ang karaniwan niyang ginagamit gayundin ang ating kapwa-Bikolano na si Senador Francis 'Chiz' G. Escudero III. Mapapansn din na si Senador Miriam Defensor-Santiago ay wikang Filipino na ang ginagamit ngayon sa pagbibigay ng mensahe sa mga okasyong dinaluhan niya.

Mahalagang matuto at magkaroon tayo ng kasanayan sa wikang Ingles ngunit tandaan natin na bilang isang tunay na Pilipino, responsibilidad natin na mahalin ang ating sariling wika. Tularan natin si Gat Rizal na niyakap at ipinagmalaki ang ating sariling wika - ang panghabambuhay na sagisag ng ating pagkakakilanlan bilang isang Pilipino na bukod-tangi sa iba pang lahi sa Asya at saanmang panig ng mundo. Ipagmalaki natin ang wikang Filipino, ipagbunyi natin ang lahing Pilipino, ngayon at sa habang panahon.

# Multi-Services ...

*(Mula sa pahina 1)*

Brgy. Tulay na Lupa, Labo – Baay, Benit, Lugui, Mabilo 1 at 2, Matanlang, Napaod at San Antonio.

Pangunahing katuwang ni Gob. Tallado ang tumatayong *caravan project director* na si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. gayundin si Bise Gob. Jonah G. Pimentel, mga bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP), at mga hepe at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Patuloy ring nagkakaloob ng serbisyong medikal at dental ang hanay ng *Armed Forces of the Philippines (AFP)* partikular ang *Philippine Navy* sa pangunguna ng kani-kanilang opisyal maliban pa sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan sa lugar na pinaggaganapan. Ang ilang miyembro ng kanilang hanay ay tumutulong din sa pagbibigay ng libreng gupit.

Sa isinagawang apat (4) na serye ng *caravan* sa buwan ng Agosto, pangunahing ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado ang mga medikal gaya ng libreng tsek-ap, pagsusuri sa presyon ng dugo at tipo ng dugo, *random blood sugar testing*, libreng gamot at bitamina pati na pagbunot ng ngipin. Maliban sa libreng lugaw bilang pamatid-gutom, ang mga benepisyaryo ay binigyan din ng pantanim na punungkahoy, buto ng gulay at semilya ng prutas, libreng serbisyo sa pagsuri ng lupa, *lecture demo on fish recipes* gayundin ang libreng bakuna sa aso laban sa rabis.

Nagkaroon din dito ng konsultasyon tungkol sa pampublikong imprastraktura, at oryentasyon ukol sa mga pamantayan ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* na dating kilala bilang *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*; mga bagong batas pangkabataan at kababaihan, Katarungang Pambarangay, programang pangkabataan at proyektong pangkabuhayan gaya ng *Special Program for the Employment of Students (SPES)*; *Educational Program for Deserving Out-of -School Youth (EPDOSY)*; *jobs fair*, at *job recruitment*.

Ang mga opisyal ng barangay ay binigyan din ng tulong-teknikal para sa pagbalangkas nila ng kani-kaniyang barangay *development planning*, at libreng payong ligal ang inihandog ni *Atty.* Mata para sa mga indibidwal na nasasangkot sa kaso. Isinagawa rin dito ang pagisyu sa mga kinaukulang barangay ng kani-kaniyang kopya ng *updated tax declaration and assessment rolls of barangay* na libreng ipinagkaloob ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)*.

Matatandaan din na sa idinaos na caravan sa Mercedes, nasiyahan ang mga bata dahil sa ilang *parlor games* na pinangasiwaan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* kung saan ang mga nanalo ay binigyan nila

*(Sundan sa pahina 7)*









***Ang iba't-ibang mga eksena sa Multi-Services Caravan na idinaos sa (1) Brgy Tabugon, Sta. Elena; (2) Brgy. Sabang, Vinzons, (3) Brgy. Tulay na Lupa, Labo, habang si Atty. Sim Mata, Provincial Legal Officer ay tumutulong sa pagbibigay ng serbisyo-publiko at (4) Brgy. Pambuhan, Mercedes .***




***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# Makukulay na 'festivals' sa Camarines Norte

**Pang-apat na bahagi**

**BOLOAN FESTIVAL**

Noon, ang Daculangbolo ay isa lamang sitio ng Barangay Calasgasan na nasasakupan ng bayan ng Daet. May karugtong itong lupain na iilan pa lamang ang naninirahan, na siyang dahilan kung bakit wala pa itong angking pangalan.

Ang nasabing lugar ay madawag, may mangilan-ngilang puno ng niyog, at mayroong malalaki at nagtatayugang mga punongkahoy noon. Maliban pa rito ang pulupulutong na mga puno ng kawayan o bolo na nagkalat sa lupain

Palibhasa ay maraming bolo sa lugar, marami ang kumukuha ng ikinabubuhay nila rito. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasawali at paggawa ng sarisi o *bamboo split* na binibili naman ng gumagawa ng nipa. Ang sarisi ay siyang ginagamit na tahian ng nipa.

Maliban dito at sa pagkokopra, marami ring magsasaka sa lugar ang nagtatanim ng pinyang *Formosa*.

Nang maging bayan ang Imelda na ngayon ay mas kilala bilang Bayan ng San Lorenzo Ruiz, ang nasabing sitio ay naging isang ganap na barangay. Inihiwalay ito mula sa Barangay Calasgasan at pinangalanang "DACUL ANG BOLO", salitang BIKOLNUN na ang ibig ipahiwatig ay isang lugar kung saan matatagpuan ang napakaraming naglalakihang puno ng kawayan. Sa kalaunan, ito ay tinawag na DACULANG-BOLO.

Malugod at buong pagmamalaking ipinakikilala ng mga mapagmahal na mamamayan ng Barangay Daculangbolo, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte, ang kanilang BOLOAN *FESTIVAL*.



# RIACAT-VAWC sa Bicol patuloy ang pagkilos laban sa trapiking

Pinag-ibayo pa ng *Regional Inter-Agency Council Against Trafficking – Violence Against Women and Children (RIACAT-VAWC)* ang mga pagkilos laban sa trapiking dito sa Bicol.

Pagkatapos ng makailan ding pagpupulong nito at pagsasagawa ng mga *awareness-raising campaigns* dalawang taon na ang nakalilipas na nakasentro sa isyu ng kalupitan sa mga kababaihan, napagtanto na tunay na maraming insidente ng *human* at *child trafficking* ang nagaganap sa komunidad na hindi napipigilan ó nasasawata dahilan sa kakulangan ng malalim na pagkakaunawa ng mga kinauukulan sa *Republic Act 9208* ó ang *"Anti-Trafficking in Persons Act of 2003"*.



Ang isinagawang oryentasyon kamakailan tungkol sa Republic Act 9208 o' ang "Anti-Trafficking in Persons Act of 2003" na matagal nang hiniling na maisakatuparan para sa mga miyembro ng Regional Inter-Agency Council Against Trafficking - Violence Against Women and their Children (RIACAT-VAWC) ng Rehyong Bicol.



Ilan sa mga miyembro ng RIACAT-VAWC na sina: (nakaitim) DepEd Reg'l Dir. Orfelina Tuy; (naka-pula) mga kagawad ng PNP Regional Command; DWSD R-5 Technical Division Chief Miña, PACT Reg'l Convenor at CAO IV Purita P. Briñas; DOJ R-5 Reg'l Anti-Trafficking Task Force Chief – Atty. Remiel Nibungco; (naka-violet) Aida Alcazar-Naz-Chief, Research Planning & Monitoring Division, Philippine Information Agency R-5; mga kinatawan ng Visayan Forum, atbp.

Dahilan dito, nagkaroon ng oryentasyon kamakailan sa nabanggit na batas ang *RIACAT-VAWC* Bicol na ginanap sa *Department of Education (DepEd) Regional Office* sa *Legazpi City* sa pagtataguyod din ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)* at dinaluhan ng mga miyembro nito na binubuo ng mga kinatawan ng *DOJ, DSWD, DOLE, PIA, CSC, PNP, DepEd, PPA, DFA, Visayan Forum, Good Shepherd Foundation* at iba pang *(NGOs)*.

Ang mga gawaing ito ang nagtulak sa bawa't kinauukulang ahensiya ng pamahalaan sa rehyon na gamitin ang kani-kanilang pundo sa *gender and development* upang magkaroon din ng katulad na oryentasyon ang kani-

(Sundan sa pahina 6)

# Paggamit ng 'Filipino' sa Buwan ng Wika ipinag-utos; paligsahan sa Madulang Sabayang Pagbigkas, iba pa isasagawa

Ipinagdiriwang ng buong bansa ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto sa layuning maitimo sa kamalayan ng bawat Pilipino ang kahalagahan ng *Filipino* bilang ating pambansang wika. Ang tema ng selebrasyon ngayong taon ay: "Ang *Filipino* ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas."

Sinuportahan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang naturang pambansang taunang okasyon sa pamamagitan ng pagpapalabas ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-24. Nakapaloob dito ang kaatasan sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, ahensya at instrumentaliti ng pamahalaan at sa lahat ng pribadong tanggapan na gamitin ang Wikang *Filipino* sa lahat na opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa panahon ng paggunita sa Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto 2011. Binigyang-diin nito na ang *Filipino* na itinatadhana ng Konstitusyon ng 1987 bilang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay dapat payabungin at pagyamanin susog na rin sa mga umiiral na wika at lengguwahe sa bansa.

Kaugnay nito, itataguyod ng pamahalaang panlalawigan ang mga patimpalak sa Maikling Pagkukuwento at Balagtasan na pangangasiwaan ng *Museum Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo. Lalahukan ito ng mga mag-aaral sa elementarya na itatalaga ng kanilang paaralan bilang opisyal na kalahok at/o mga kalahok. Ang nasabing mga paligsahan ay bukas sa mga paaralang elementarya sa lalawigan, pribado at pampubliko man.

(Sundan sa pahina 6)

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 50 nanay na kabilang sa 4Ps binigyan ng skills training, starter kits

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay nagbigay ng *skills training on cosmetology* sa mga nanay ng may 50 benepisyaryo ng *Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)* na una nang napili. Isinagawa ito sa ilalim ng *Sixth Country Programme for Children-Provincial Technical Working Program (CPC 6- PTWG)* na nagpanukala ng naturang gawain sa pangunguna ni *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC) Arch.* Madonna A. Abular na tumatayo bilang *CPC 6 Coordinator*.

Ito ay bilang suporta ng pamahalaang panlalawigan sa *4Ps* na ipinatutupad ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* dito sa lalawigan at sa iba pang panig ng bansa. Ang *4Ps* ay istratehiya ng pamahalaan para mabawasan ang antas ng kahirapan sa bansa at maisulong ang kaunlarang panlipunan. Sa pamamagitan nito, ang pinakamahihirap na mga sambahayan *(households)* ay bibigyan ng *conditional cash grants* para mapabuti ang kanilang kalagayang pangkalusugan, pang-nutrisyon at pang-edukasyon man lalo na ang mga batang edad 0-14 taon.

Samantala, ang nanay ng 50 piling *4Ps beneficiaries* ay isinailalim sa 5-araw na *skills training on cosmetology* na pinangasiwaan ng *Ato Samarista Beauty Salon*. Binigyan sila ng oryentasyon ukol sa *cosmetology* at itinuro sa kanila ang mga proseso, estilo at sikreto sa paggugupit ng buhok *(hair cutting)*; *hair treatment*; *hair dressing*; ang pagmi-*make-up*, gayundin ang pag-*manicure* at pag-*pedicure*.

Ang mga nanay ay sumailalim din sa praktikal na aplikasyon ng kanilang mga natutuhan. Sa ikalima at huling araw ng pagsasanay, sumailalim sila sa praktikal na pagsusulit kung saan bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng mga modelo na inayusan nila para ipakita ang antas ng kani-kanilang natutunan.

Matatandaan na ang 5-araw na pagsasanay ay unang isinagawa sa bayan ng San Lorenzo Ruiz noong Pebrero 25-Marso 1, 2011 kung saan 10 nanay ang naging kalahok; Mercedes – Marso 2 -6 (10 nanay); Basud - Hulyo 18-22 (15 nanay), at Paracale - Hulyo 25-29 (15 nanay) kung saan sinagot ng *LGU Paracale* ang isnaks at pananghalian ng mga kalahok.

Kaugnay nito, sinagot ng *United Nation's Children's Fund ó UNICEF* ang *honorarium* ng lahat ng mga naging tagapagsanay *(trainors)*. Ang may 50 nanay na nakapagsanay ay pinagkalooban ng pamahalaang panlalawigan ng kani-kaniyang *starter kits* na kinabibilangan ng *manicure* at *pedicure sets*, *make-up* at *hair cutting sets* na ginagamit na nila ngayon sa kanilang paghahanapbuhay. Sa kasalukuyan, 10 sa kanila ay *on call* ng Ato Samarista *Beauty Salon* na nakasaksi sa kanilang malaking potensyal at kakayahan.

Inaasahan ni Gob. Tallado na ang kasanayang natutuhan ng mga nanay gayundin ang mga *starter kit* na tinanggap nila ay gamitin nila para madagdagan ang kita ng kani-kanilang pamilya. Sa pamamagitan umano nito, unti-unting aangat ang antas ng kanilang kabuhayan na makatutulong para mabawasan ang bilang ng mga mahihirap sa lalawigan. ***LT IBASCO***

# RIACAT-VAWC Bicol ...

***(Mula sa pahina 5)***
kanilang tanggapan.

Ang *DepEd Region 5* sa pangunguna ni *RD* Orfelina Tuy ay nagsagawa ng katulad na aktibidad sa labintatlong (13) dibisyon at *city schools* nito upang maipadaloy ang nasabing gawain sa kani-kanilang nasasakupang mga paaralan. Nasundan ito ng mga pagkilos naman ng mga kinatawan ng *Regional Anti-Trafficking Task Force (RATTF)* na pinangungunahan ng *Department of Justice R-5* sa pamamagitan ng *Operations Officer* nito na si *Atty.* Remiel Nibungco na nagsagawa ng mga sunud-sunod na pagsasanay sa anim (6) na lalawigan dito sa Bicol na dinaluhan ng mga kinauukulang ahensiya sa mga lokal na pamahalaan kabilang ang mga kapulisan nito. Dito rin lumitaw ang mga datos ng mga kaso kaugnay sa paglabag sa naturang batas. Ito rin ang dahilan kung bakit ang Iriga *City* sa pamumuno ni *Mayor* Madeleine Alfelor-Gazmen, ay nakapagpasa at nakapagpatupad ng ordinansa na nagbabawal sa mga bahay-aliwan sa loob ng nasabing lungsod.

Inaasahang sa mga pagkilos na ito, mababawasan kung hindi man tuluyang masusugpo ang mga insidente ng sukdulang pananamantala at pa-ngangalakal sa tao ó ang tinatawag na *human trafficking*. ***ppbriñas***

# Paggamit ng 'Filipino' ...

***(Mula sa pahina 5)***

Isinagawa ang patimpalak sa 'Maikling Pagkukuwento' at 'Balagtasan' sa layuning mapaunlad ang kasanayan ng mga kabataan sa paggamit ng wikang *Filipino* sa iba't-ibang sining ng komunikasyon.

Samantala, matatandaan na ang pambansang selebrasyon sa wika ay nagsimula noong Marso 26, 1946, nang ipalabas ni Pangulong Sergio S. Osmeña ang Proklamasyon Blg. 35 na nagtalaga sa ika-27 ng Marso hanggang Abril 2 ng bawat taon bilang Linggo ng Wikang Pambansa.

Noong Setyembre 23, 1955, ipinalabas ng Pangulong Ramon F. Magsaysay ang Proklamasyon Blg. 186 na nagbabago sa petsa ng selebrasyon na Agosto 13-19. Bilang pagpupugay ito sa Anibersaryo ng Kapanganakan ni Pangulong Manuel L. Quezon na siyang unang nagsulong sa paglikha ng isang pambansang wika kaya siya ay tinaguriang "*Ama ng Wikang Pambansa*". Susog sa naturang proklamasyon, ipinalabas ni Pangulong Corazon C. Aquino noong Agosto 12, 1988 ang Proklamasyon Blg. 19 na nagtatakda sa Agosto 13-19 ng bawat taon bilang "*Linggo ng Wikang Pambansa*".

Sa layuning mapagtibay ang mga nakaraang proklamasyon, ipinalabas naman ni Pangulong Fidel V. Ramos noong Enero 15, 1997 ang Proklamasyon Blg. 1041 na nagdedeklara sa buong buwan ng Agosto bilang "*Buwan ng Wikang Pambansa*".

Ngayong taon, ang Kagawaran ng Edukasyon at ang Komisyon sa Wikang *Filipino* (KWF) ay naghanay ng mga programa para makuha ang partisipasyon ng mga estudyante - ang pinakamalaking grupo na gumagamit at nag-aaral ng wikang pambansa bilang bahagi ng kurikulum. Ito ay sa pangunguna nina Kalihim Armin A. Luistro ng Kagawaran ng Edukasyon at ng tagapamuno ng KWF na si Jose Laderas Santos katuwang ang iba pang kinauukulang opisyal at tanggapan.

Ang selebrasyong nasyonal ngayong taon ay hinati sa limang bahagi: Agosto 1-7– pagkilala sa kahalagahan ng ating pambansang awit (Lupang Hinirang); Agosto 8-14 – pangangako ng katapatan sa Watawat ng Pilipinas; Agosto 15-21 – paggamit sa wika bilang instrumento sa pagkamit ng kalayaan at hustisya; Agosto 22-28 – pagkatha ng mga awitin at pagsusulat ng mga tula na nakatuon sa temang, "Wikang *Filipino*: Tugon sa Malinaw na Programa sa Tuwid na Landas;" at Agosto 29-31 – pagdiriwang sa *Filipino* bilang boses ng mga guro at estudyante at lengguwahe ng kabayanihan. ***LT IBASCO***

# Holy Rosary, 3 o'clock habit araw- araw na isinasagawa sa CNPJ

Bilang pagtugon sa mga programang isinusulong ng *Prison Ministry* sa lalawigan ng Camarines Norte, ipinatutupad ngayon sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* ang regular na sama-samang pagdarasal tuwing ika-3 ng hapon *(3 o' Clock Habit)* lalo na ang pagdarasal ng Santo Rosaryo tuwing ika-6 ng hapon araw-araw. Nakikilahok din dito ang mga empleyado ng *Provincial Custodial Security Services Division-Office of the Governor (PCSSD-G.O.)*.

Ipinatutupad ito ng *PCSSD-G.O.* sa ilalim ng *CNPJ Rehabilitation Section* nito. Aktibong katuwang dito ni *APW* Reynaldo N. Pajarillo ang *Prison Ministry* sa pangunguna ni *Rev. Fr.* Fidel S. Era. Layunin nito na payabungin ang aspektong moral at ispiritwal ng mga detinedo kasama ang kani-kanilang pamilya.

Buong pusong niyakap ng mga bilanggo ang araw-araw na pananalangin na mas nagpatibay ng kanilang pananalig sa Diyos at paniniwala na habang may buhay ay may pag-asa. Binigyang-diin ni *APW* Pajarillo na mahalagang matuon ang atensyon ng mga bilanggo sa pagdarasal sa halip na sila ay magmukmok at makaisip na gumawa ng kaguluhan o tumakas kaya.

Ipinag-utos din ni Gob. Talado sa mga opisyal at at kawani sa Kapitolyo Probinsyal na makiisa sa *3 o' clock habit* upang mapaunlad ang kanilang aspektong pang-ispiritwal. ***ARIES N. BALBAS/ PCSSD***



PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Multi-Services...

(Mula sa pahina 4)

ng premyong *Jollibee hamburger*. Nagbigay rin sila sa mga *day care workers* ng 9 na barangay ng Mercedes ng ilang *sets* ng babasahin na *Manual on Effective Parenting*.

Para malubos ang kasiyahan ng mga taga-barangay, binigyan din sila ng libreng gupit, *hot oil*, at *hair dye* sa pangunguna ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado.

Ang mga kwalipikadong benepisyaryo ay pinagkalooban din ng libreng salamin sa mata at minsan ay tig-iisang pares ng tsinelas o di kaya ay *wheelchair* at *medical equipment* kapag personal na dumadalo si Gng. Tallado.

Nasa ibaba ang listahan ng iba't-ibang serbisyong ipinagkaloob sa mga mamamayan ng apat (4) na bayan ng lalawigan:

| IBA'T-IBANG SERBISYO | Tabugon, Sta. Elena Agosto 5, 2011 | Pambuhan, Mercedes Agosto 12, 2011 | Sabang, Vinzons Agosto 19, 2011 | Tulay na Lupa, Labo Agosto 26, 2011 |
|---|---|---|---|---|
| Serbisyong Medikal/Gamot/Bitamina | 1,484 | 1,588 | 1,859 | 3,122 |
| Bunot ng Ngipin | 232 | 193 | 336 | 305 |
| *Reading Glasses* | 266 | 125 | 494 | 300 |
| *Reflexology/Massage Services* | 58 | 44 | 241 | 253 |
| *Feeding Program* | 631 | 806 | 881 | 968 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy | 62 | 31 | 135 | 41 |
| Pantanim na Butong-Gulay | 150 | 136 | 150 | 156 |
| *Tilapia Fingerlings* | 23 | 10 | (Sugpo fry) 10 | 25 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 73 | 52 | 138 | 86 |
| Pantanim na Punungkahoy | 70 | 70 | 70 | 70 |
| *Anti-Rabies Vaccines/Vitamins* | 83 | 43 | 103 | 69 |
| *Animal Dispersal (Piglets)* | 9 | Carabao 1 | | |
| *Mandatory Cash Assistance to Barangays* | 9 | 6 | 6 | 9 |
| *Assessment Rolls* | 9 | 6 | 6 | 9 |
| Libreng Gupit ng Buhok | 171 | 201 | 213 | 226 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 42 | 43 | 33 | 45 |
| Libreng *Hot Oil* | 145 | 142 | 217 | 163 |
| Oryentasyon ukol sa Katarungang Pambarangay, *CNPGCEAP*, Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa mga Kabataan at Kababaehan | 122 | 53 | 47 | 51 |
| *Information Education Campaign (IEC) Materials Distributed* | 146 | 40 | 33 | 70 |

***(LT IBASCO)***

# Breastfeeding ...

(Mula sa pahina 3)

mataas ang panganib ng pagkamatay sa hanay ng mga sanggol na hindi kaagad napasuso; 3) Ang mga naospital na sanggol na may mababang timbang na pinasuso ng *formula milk* o komersyal na gatas mula sa baka ay apat (4) na beses na may posibilidad na magkaroon ng seryosong sakit kumpara sa mga pinasuso ng kanilang ina, at 4) Mayroong 2-4 na pagtaas sa *neonatal mortality rate (NMR)* sa hanay ng mga sanggol na hindi nakasuso ng *colostrum* habang may 5-13% pagbaba ng *NMR* sa mga beybi na eksklusibong pinasuso.

Sa pagpapasuso, hindi lamang naisasalba ang mga beybi mula sa panganib ng pagkamatay kundi nabibigyan din sila ng pangmatalagalang mga benepisyo. Ang mga beybi na pinasuso ay mataas ng hanggang 4.9 puntos ang *school cognitive tests results* at mas mataas ang antas ng *educational attainment* sa kanilang paglaki.

Patuloy ring isinasagawa ng *PHO* ang malawakang kampanya at pagpapaabot ng mga impormasyon at kaalaman sa iba't-ibang barangay ng lalawigan ukol sa mga benepisyong hatid ng pagpapasuso sa mga sanggol. Binibigyang-diin nila na ang pagpapasuso ay mahalaga para mabawasan ang insidente ng malnutrisyon at pagkamatay sa hanay ng mga kabataan lalo na sa unang limang (5) taon ng kanilang buhay.

Sinabi ni *PNAO* Juan na ang gatas ng ina ay laging malinis, ligtas at hindi napapanis, at pareho ang kalidad ng gatas na ibinibigay ng kaliwa at kanang dibdib.

Idinagdag niya na ang pagbagsak ng dibdib ng nanay ay hindi resulta ng kanilang pagpapasuso kundi sa maling pisikal na suporta sa panahon ng pagbubuntis at pagpapalabas ng gatas. Ang mga nanay ay kailangang magkaroon ng *breast exercises*, at gumamit ng matibay ngunit komportableng bra.

Samantala, sinabi rin ni Ms. Juan na lahat ng nanay ay pwedeng magpasuso sapagkat ang gatas nila ay nagiging pananggalang ng mga beybi kahit sa panahon ng kahirapan at tag-gutom man. Ang malnutrisyon sa hanay ng mga nagpapasusong ina ay hindi hadlang sapagkat ang *malnourished mother* ay nagbibigay ng gatas na ang kalidad o taglay na nutrisyon ay kahalintulad nang sa malusog na ina.

Ang nagpapasusong ina ay nagpropodyus ng sapat na gatas para sa kanyang beybi. Halos lahat ng nanay ay may kakayahang magbigay ng sapat na gatas hangga't ang beybi ay pinasususo nila nang madalas at hangga't kailangan.

Binigyang-diin ni Ms. Juan na hindi batayan ang laki o liit ng dibdib ng ina sa gatas na maiproprodyus nito. Ang madalas na pag-ut-ot ng beybi ay nakatutulong sa mas maraming produksyon ng gatas ng ina. Kahit pagod o maysakit, pwedeng magpasuso ang mga nanay. Kapag ang ina ay nalantad sa isang sakit o impeksyon, ang katawan niya ay gumagawa ng sariling *antibodies*, at ang kanyang gatas ay may taglay ring *antibodies* na nagbibigay-proteksyon sa beybi. ***LT IBASCO***

# CN lumahok ...

(Mula sa pahina 8)

Mangcawayan; Tinaga Island na isa sa 17 isla na bumubuo sa *Calaguas Group of Islands* sa bayan ng Vinzons. Ang tinatayang 3.5 kilometrong baybayin nito ay may pino at puting buhangin, at mala-kristal sa linaw na tubig-dagat na halos kahalintulad sa Isla ng Boracay. Berdeng-berde rin ang malawak na gubat nito na nagsisilbing tirahan ng iba't-ibang uri ng ibon na nakatutuwang pagmasdan sa kanilang pulu-pulutong na paglipad na tila sumasayaw sa himpapawid. Ito ang mga dahilan kaya patuloy na dumarami ang mga lokal at banyagang turista na nagsasadya sa nasabing lugar.

Samantala, naging mga panauhin sa pagbubukas ng *7th Bicol Business Week* noong Agosto 26 sina Kalihim Prospero J. Alcala ng Kagawaran ng Agrikultura, Camarines Sur *Governor* Luis Raymond 'LRay' Villafuerte, Jr., *Naga City Mayor* John Garcia Bongat at ang *celebrity* na si Ms. Valerie Concepcion. Sa pagtatapos ng eksibit sa Setyembre 2, 2011, isa sa magiging panauhin si Kongresista Luis R. Villafuerte Sr. ng Ikatlong Distrito ng Camarines Sur.

Ang 8-araw na gawain ay inorganisa ng *Metro Naga Chamber of Commerce and Industry*, isang *non-partisan voluntary business organization* na binubuo ng iba't-ibang *business units* na kumakatawan sa sector na pang-agrikultural, pang-komersyal, pang-industriyal at panserbisyo man sa loob ng ikalawa hanggang ikatlong *congressional districts* ng Camarines Sur. Ito ang nagsisilbing boses ng negosyo, at inisyatibo ng pangkalakalang komunidad para sa sosyo-ekonomikong pag-unlad ng Metro Naga at ng Rehiyong Bikol sa pangkabuuan. ***LT IBASCO***

# DSWD RO5 ipinalabas ...

(Mula sa pahina 8)

papalabas ng pondo para sa Paracale dahil hindi pa ito nakapagsusumite ng kaukulang dokumento sa *DSWD FOV*.

Ang bilang ng *day care centers (DCCs)* at *day care pupils (DCPs)* na benepisyaryo ay ang mga sumusunod: Basud –31 *DCCs* at 1,180 *DCPs*; Capalonga–33 *DCCs* at 1,472 *DCPs*; Daet –37 *DCCs* at 1,302 *DCPs*; Jose Panganiban –39 *DCCs* at 1,550 *DCPs*; Labo –75 *DCCs* at 2,400 *DCPs*; Mercedes –39 *DCCs* at 1,853 *DCPs*; San Lorenzo Ruiz –17 *DCCs* at 531 *DCPs*; Sta. Elena –42 *DCCs* at 1,342 *DCPs*; Talisay –15 *DCCs* at 402 *DCPs*, at Vinzons –29 *DCCs* at 1,427 *DCPs* ó kabuuang 357 *DCCs* at 13,459 *DCPs*.

Pupunduhan ng *DSWD* ang pagpapakain sa mga *day care pupils* tuwing oras ng meryenda *(snack time)*, limang beses sa isang linggo sa loob ng 120 araw. Susog sa *8-week cycle menu*, ang mga magulang ang maghahanda ng mainit na pagkain gaya ng kanin at ng mura, masarap at masustansyang ulam.

Bago ang *supplemental feeding*, ang bigat at taas ng mga *DC pupils* ay susukatin. Bawat buwan, ang kanilang timbang at tangkad ay susukatin para matukoy kung may positibong pagbabago sa kanilang kalagayang pang-nutrisyon. Ang resulta nito ang magiging batayan sa pagtaya at pagtugon sa *health-and nutrition-related problems* ng mga *DC pupils* para maisulong ang programang pangkalusugan.

Sa ilalim ng programa, ang mga *DC pupils* ay nabibigyan ng karagdagang pagkain sa mga *day care pupils* na katumbas ng 1/3 ng kanilang pang-araw-araw na *Re-commended Energy and Nutrient Intakes (RENIs)*. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# DSWD RO5 ipinalabas sa LGUs ang pondo para sa supplemental feeding program








*Ipinamahagi nina Gob. Egay Tallado, DSWD Reg'l Dir. Remia Tapispisan, at Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang tseke para sa supplemental feeding program ng DSWD. Ito ay personal na tinanggap nina Mayor Alex Lo ng Mercedes (1), Mayor Agnes Ang ng Vinzons (2), at Daet Mun'l Treas. Elmer Nagera na kumatawan kay Mayor Tito S. Sarion (3). Ito ay sinaksihan ng kinatawan mula sa DSWD RO5 na si Gng. Genoveva Barcelon (may suot na ID); Bokal Ligaya Lo-Pedron (naka-blazer); Bokal Romeo Marmol (gitnang larawan) gayundin ang mga kinauukulang MSWDO ng naturang mga bayan.*

Umaabot sa 15,755 *day care pupils* sa 404 *day care centers* mula sa 12 bayan ng lalawigan ng Camarines Norte ang benepisyaryo ng *Supplemental Feeding Program (SFP)* ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD).* Ito ay ipinatutupad ng *DSWD* sa iba't-ibang panig ng bansa bilang suporta nito sa *Early Childhood Care and Development (ECCD) Program* ng pamahalaang nasyonal.

Kaugnay nito, noong Agosto 11 personal na ipinagkaloob ni *DSWD Regional Director* Remia Tapispisan ang tseke para sa mga bayan ng Capalonga, San Lorenzo Ruiz, Sta. Elena, Talisay at Vinzons. Nakasama niya sa pagkakaloob ng mga tseke sina Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at Ms. Corazon Asido-Pitero, na hepe ng *Operations Division-DSWD Field Office V*. Ang tseke naman para sa Basud, Daet, Jose Panganiban, Labo at Mercedes ay ipinagkaloob ng *DSWD FOV* noong Agosto 23 sa pangunguna muli ni RD Tapispisan kasama si Gob. Tallado.

Sa kabuuan, umabot sa P16,822,100.00 ang naipalabas na pondo ng *DSWD FOV* na nahati sa mga sumusunod: Basud-P1,420,750.00; Capalonga-P1,920,000.00; Daet-P1,661,350.00; Jose Panganiban-PP1,918,900.00; Labo-P3,224,250.00; Mercedes-P2,270,250.00; San Lorenzo Ruiz-P694,025.00; Sta. Elena-P1,753,050.00; Talisay-P527,550.00, at Vinzons-P1,848,425.00.

Ang tsekeng P416,450.00 para sa San Vicente ay ipalalabas sa Setyembre 7. Pansamantalang nakabinbin ang pag-

(Sundan sa pahina 7)




TAON 2, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

# CN lumahok sa 7th Bicol Business Week; mga lugar panturismo ng lalawigan itinampok




Ang lalawigan ng Camarines Norte ay mayaman sa likas at magagandang mga tanawin na malaki ang potensyal na maging lugar-panturismo. Sa layong humigit-kumulang 343 kilometro mula sa Timog-Silangan ng Kamaynilaan, karaniwan itong nalalampasan ng mga turista na dinarayo ang *wakeboarding events* sa Camarines Sur ó naga-*adventure* sa karagatan ng Donsol, Sorsogon kasama ang mga maaamong *whale wharks* (butanding) doon.

Matatandaan din na bumaba ang pasok ng mga turista sa Camarines Norte mula nang mabuksan ang Andaya *Highway* maraming taon na ang nakalilipas. Ngunit hindi nagpatalo rito ang lalawigan na gumawa ng mga istratehiya na naging daan para unti-unting makabangon ang industriya ng turismo nito at makaakit ng mga mamumuhunan.

Kaugnay nito, sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, iba't-ibang inisyatibong panturismo ang ipinatutupad para maipakilala hindi lamang dito sa bansa kundi sa ibayong dagat man ang likas na kagandahan at yaman ng Camarines Norte. Isinasagawa ito sa pangunguna ng *Provincial Tourism Office* na pinamumunuan ni *Atty.* Debbee G. Francisco, *provincial tourism officer.*

Sa pamamagitan din ng *Provincial Tourism Office*, lumahok ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa *7th Bicol Business Week* na may temang: *"Make It Bicol, Bicol Heats Up"*. Ito ay ginanap sa *Naga City Coliseum, Central Business District* 2, Camarines Sur simula Agosto 26-Setyembre 2, 2011.

Itinampok sa isang eksibit dito ang tatlong (3) natatanging mga lugar-panturismo ng lalawigan kagaya ng Mercedes *Group of Islands* sa bayan ng Mercedes partikular na ang 3 sa 7 isla nito: ang Caringo, Quinapaguian at Canimog na dinarayo para maranasan ang *surf kayaking* doon. Ang *15-kilometer surf kayaking race* sa Mercedes noong Agosto 7 na isinagawa sa loob ng kanilang 1-linggong Kadagatan *Festival* ay bahagi ng *second leg* ng taunang *Philippine Kayaking Series 2011* na unang ginanap sa *Anvaya Cove* sa Zambales.

Itinampok din sa eksibit ang Nacali *Falls* ng bayan ng San Lorenzo Ruiz na tinatayang may taas na 60 talampakan na magandang lugar para sa paliligo, *nature watching, backpack riding* at panging-isda man sa ibaba nito. Ito ay mararating sa pamamagitan ng 5-7 kilometrong paglalakad na dadaan sa Matacong *hanging bridge.*

Kabilang din sa eksibit ang Mahabang Buhangin *Beach* na nasa hilagang bahagi ng Brgy.

(Sundan sa pahina 7)




PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com